# ANAK NA NANUBO NG AMA, DIRETSO 'OBLO'

**IPINAKULONG ng isang ama ang sariling anak nang tubuhin nito matapos namagitan sa away sa Bacoor City, Cavite Linggo ng gabi.**

Hindi nagdalawang isip na kasuhan ng biktimang si Alfredo Sungkip, 62, ng attempted homicide ang anak na si Alfredo Sungkip Jr., 21, construction worker, at kapwa residente ng SMPD Bukid Andrea Village 2, Brgy Panapaan 5, Bacoor City.

Sa ulat ni PSSgt Albert Badocdoc, ng Bacoor City Police Station, dakong alas-10:30 ng gabi ay naabutan ng biktima ang dalawa nitong anak (suspek at Ashley) na nagtatalo sa loob ng kanilang bahay.

Nabatid na lasing ang batang Sungkip nang inaaway nito ang kanyang kapatid Tinangkang awatin ang dalawa pero imbes na nakinig ang suspek ay kumuha ng tubo at hinataw ang ama.

Matapos ang pangyayari ay tumakas ang suspek pero sa isinagawang follow up operation ng mga barangay tanod sa lugar ay naaresto ang batang Alfredo.

Tinuluyan naman ng ama na ipakulong ang kanyang anak upang matuto. ***GENE ADSUARA***

# Huwag pulitikahin ang community pantries –Gatchalian

**LUNGSOD CALOOCAN (PIA)** -- Umapela si Senator Win Gatchalian sa mga lokal at iba pang opisyal ng gobyerno na huwag gamitin sa pamumulitika ang mga nagsulputang community pantries sa bansa at sinabing ang mga ganitong gawain ay dapat na itinataguyod upang makahikayat pa ng partisipasyon ng pribadong sektor.

Sa kanyang pananaw, sinabi ni Gatchalian na pinausbong ng community pantry ang makabagong bayanihan spirit sa mga Pilipino at ipinakita nito ang pagkakaroon ng disiplina ng mga benepisyaryo sa gitna ng kinakaharap na pandemya dulot ng COVID-19.

"Para sa akin, dalawa ang sinisimbolo nito. Simbolo ito ng pagkakawanggawa at disiplina ng mga kababayan natin na huwag tayong kumuha ng labis. Magtira tayo para sa iba rin na nangangailangan," ani Gatchalian.

"Hindi dapat ginagawa itong negative political weapon. Ang mga ganitong klaseng noble effort ay mas maganda kung manatiling nasa pribadong kamay para walang pulitika, walang kulay. Mawawala 'yung spirit of volunteerism, pagtutulungan na nakikita natin ngayon, at ang pagkakawanggawa para sa mahihirap nating kababayan," dagdag pa ng senador.

Mas maiging manghikayat na lang ng mga donasyon o mga potensyal na donors sa community pantries upang masiguro na magtutuloy-tuloy ito habang may mga kinakapos at nangangailangan ng pang-araw-araw na food supply sa kamaynilaan at iba pang lugar sa buong bansa, ayon sa senador.

"Kailangan din naman na ma-sustain ang ganitong napakagandang inisyatibo, isang maliit na kakayahan na maraming natutulungan kaya kailangan ng mas marami pang magdo-donate," sinabi ni Gatchalian.

Ang pag-usbong ng ganitong inisyatibo, ayon sa senador, ay nagpapakita ng pagiging matulungin ng mga sibilyan at mga nasa pribadong sektor na maging kaagapay ng gobyerno sa pagbibigay ayuda sa mga nangangailangan. ***(PIA NCR)***

# Modernisasyon, low carbon technologies isinulong para labanan ang global warming -Dominguez

**LUNGSOD QUEZON (PIA)** -- Inihayag ni Finance Secretary Carlos Dominguez III, Chairman-designate ng Climate Change Commission (CCC), ang isinumiteng "Nationally Determined Contribution" (NDC) ng Pilipinas ang magiging instrumento para umunlad ang ekonomiya sa pamamagitan ng pag-adopt ng modernisado at low carbon na teknolohiya gayundin ang mga pamamaraan na magpapagaan ng krisis sa klima.

Ani Sec. Dominguez, sa papagitan ng NDC, ang ekonomiya ay mas tatatag at mapapanatili ang pagunlad.

Nauna nang inaprubahan ni Pangulong Rodrigo Roa Duterte ang unang "Nationally Determined Contribution" (NDC) sa bansa para mabawasan ang greenhouse gas (GHG) emission.

Layon nitong pababain ng 75 porsyento ang "GHG emission and avoidance" bilang pangako ng Pilipinas sa Paris Agreement on Climate Change.

Ang NDC ang kumakatawan sa layunin ng Pilipinas na ma-modernisa at magkaroon ng low carbon at resilient na pag-unlad para sa sektor ng agrikultura, waste, industriya, transportasyon at enerhiya mula taong 2020 hanggang 2030.

Ang 75% target ay base sa projected business-as-usual cumulative economy-wide emission ng bansa na 3,340.3 metric tons (MT) ng carbon dioxide equivalent (MtCO2e).

Nagpasalamat din si Sec. Dominguez sa mga ahensya --- Departments of Environment and Natural Resources (DENR), of Agriculture (DA), of Transportation (DOTr) and of Energy (DOE); of Foreign Affairs (DFA); and the National Economic and Development Authority (NEDA)—na na nagtulong-tulong para mabuo ang NDC sa kabila ng pandemiya at tuluy-tuloy na mga bagyo na siyang nag pa antala ng proseso nitong nakaraang taon.

Pinasalamatan niya rin ang mga kinatawan ng mga industriya gayundin ang mga lider sa academe at civil society organizations para sa mga ambag at suporta sa government's vision of a transformational NDC.

Sa kabilang banda, nanawagan din ang kalihim sa international community na magsama-samang patatagin ang global efforts for climate change mitigation and adaptation.

Ayon kay Sec. Dominguez, inaasahan ang developed nations, na nagdulot ng global climate crisis ayon sa kasaysayan, ay tutugon sa commitment nito sa Paris Agreement, na panatilihin ang global average temperature na hindi hihigit sa 1.5 degrees Celsius survival threshold.

Dagdag pa ni Sec. Dominguez, ang mga kritikal na oras ngayon hanggang 2030 ay oportunidad para sa transformative climate action para masiguro ang planetary well-being bago maging huli ang lahat.

Ang mga NDC ay mga pangako o "pledges" na isinumite ng mga bansa sa United Nations Framework Convention on Climate Change (UNFCCC) bilang ambag upang makamit ang mga layunin ng Paris Agreement partikular na ang paglimita sa global warming, mas mababa sa two degrees Celsius above pre-industrial levels or further to 1.5 degrees Celsius.

Ang pagbuo ng Philippine NDC ay sumailalim sa matinding proseso ng economic modeling analyses, expert reviews and consultations kasama ang iba't ibang stakeholders mula sa public, private and civil society sectors. ***(PIA NCR)***

# Nutrigold, handog ng DOST sa mga bata sa Banton

**ODIONGAN, Romblon (PIA)** -- Aabot sa 50 mga bata sa bayan ng Banton, Romblon ang napakain ng libreng Nutrigold ng mga tauhan ng Department of Science and Technology (DOST)-Mimaropa kamakailan para matugunan ang malnutrition rate ng probinsya.

Iniulat ni DOST Secretary Fortunato "Boy" T. de la Peña na namahagi sila ng Nutrigold sa ilang barangay sa bayan ng Banton, isang fifth-class municipality, at pang-pito sa may pinakamataas na malnutrition rate sa buong probinsya.

Ang mga Nutrigold na binuo sa pamamagitan ng Complimentary Baby Food program ay ginawa ng DOST-Mimaropa sa pakikipagtulungan ng Barangay Nutrition Scholars Association (BNSA)-Odiongan at DOST-Food and Nutrition Research Institute.

Ito ay pinaghalong rice, mungbean, at sesame seeds.

Ang isang 30g pack ng Nutrigold ay mayaman sa enerhiya at protina upang suportahan ang paglaki ng mga bata na 6-36 buwan ang edad.

Ang isang pack ay sapat para sa isang serving at mainam na kinakain araw-araw. ***(PJF/PIA-Mimaropa)***




# MGA KAMPEON NG COMMISSIONER'S CUP

Habang wala pang katiyakan kung kailan muling papayagan na magbukas ang mga karerahan ay samahan niyo na lang ako na balikan ang mga kabayong nag kampeon sa PHILRACOM Commissioner's Cup mula noong taong 2010 hanggang sa taong 2020. Simulan natin noong 2010 na kung kailan nag kampeon ang kabayong si Ibarra na sinakyan ng hineteng si Jessie Basilio Guce. Ito ay ginanap sa karerahan ng San Lazaro Leisure Park at nakapag rehistro si Ibarra ng tiyempong 2:00.6 (19'-23'-25'-25'-27) para sa distansiyang 1,900 meters. Isunod natin ang kabayong si Yes Pogi na nirendahan ng hineteng si MF Daquis na nag kampeon noong 2011 PHILRACOM Commissioner's Cup na ginanap sa pista ng San Lazaro Leisure Park at nakapagtala ng tiyempong 2:00.2 (19'-22'-26'-27'-27') para sa distansiyang 1,900 meters. Isunod natin ang kabayong si Cheese Mosa na ginabayan ng hineteng si Jonathan Basco Hernandez na nag kampeon noong 2012 PHILRACOM Commissioner's Cup na ginanap sa karerahan ng Santa Ana Park at nakapag rehistro ng tiyempong 2:00.6 para sa distansiyang 1,900 meters. Isunod natin ang kabayong si Hagdang Bato na pinatungan ng hineteng si Jonathan B. Hernandez na nag kampeon noong 2013 PHILRACOM Commissioner's Cup na ginanap sa pista ng Santa Ana Park at nakapagtala ng tiyempong 1:56.2 (14-24-25'-25'-27') para sa distansiyang 1,800 meters. Sa sumunod na taon ay ang kabayong si Hagdang Bato pa rin na sinakyan muli ng hineteng si Jonathan B. Hernandez ang itinanghal na kampeon sa 2014 PHILRACOM Commissioner's Cup na ginanap sa karerahan ng Santa Ana Park at nakapag rehistro ng tiyempong 1:56.8 para sa distansiyang 1,800 meters. Noong 2015 naman ay walang hirap na nag kampeon ang super mega outstanding favorite na kabayo na si Malaya na nirendahan ng hineteng si Jonathan B. Hernandez. Ito ay ginanap sa pista ng Metro Manila Turf Club at nakapagtala ng tiyempong 1:52.8 (14-23'-24-24-27) para sa distansiyang 1,800 meters. Kasunod naman ang kabayong si Low Profile na ginabayan ng hineteng si Mark Angelo Alvarez at nag kampeon noong 2016 PHILRACOM Commissioner's Cup na ginanap sa karerahan ng Metro Manila Turf Club at nakapag rehistro ng tiyempong 1:49.8 (13'-23'-24-22'-26) para sa distansiyang 1,800 meters. Sumunod ang dehadong kabayo na si Manalig Ka na pinatungan ng hineteng si MM Gonzales na nag kampeon noong 2017 PHILRACOM Commissioner's Cup na ginanap sa pista ng San Lazaro Leisure Park at nakapagtala ng tiyempong 1:51.8 (10-23-24'-25'-28') para sa distansiyang 1,750 meters. Sumunod naman ang kabayong si Bite My Dust na sinakyan ng hineteng si Jessie B. Guce na nag kampeon noong 2018 PHILRACOM Commissioner's Cup na ginanap sa karerahan ng Santa Ana Park at nakapag rehistro ng tiyempong 1:46 (7'-24'-24'-23'-26) para sa distansiyang 1,700 meters. Noong 2019 naman ay ang kabayong si Sepfourteen na nirendahan ng hineteng si John Alvin Guce ang itinanghal na kampeon sa PHILRACOM Commissioner's Cup na ginanap sa pista ng San Lazaro Leisure Park at nakapagtala ng tiyempong 1:51.8 (10'-23'-24'-26-28') para sa distansiyang 1,750 meters. Ang kabayong si Princess Eowyn naman ang itinanghal na kampeon sa kahuli- hulihang PHILRACOM Commissioner's Cup (2020) Si Princess Eowyn ay ginabayan ng hineteng si Jonathan B. Hernandez at pagmamay- ari ng sikat na horse owner na si Boss Edong Diokno. Si Princess Eowyn ay nakapag rehistro ng tiyempong 1:50.8 (14-24-23'-23'-25') para sa distansiyang 1,800 meters. Sa inyong palagay mga bayang karerista, Sino kaya ang magiging kampeon ngayong 2021 PHILRACOM Commissioner's Cup?

# Lucena City mayor, nanawagan sa mga residente na sumunod sa minimum health standards, quarantine protocols

**LUNGSOD NG LUCENA, Quezon (PIA)** -- Nanawagan kamakailan si Lucena City Mayor Roderick Alcala sa mga nasasakupan nito na sumunod sa ipinatutupad na health and safety protocols upang mapigilan ang pagtaas ng bilang ng aktibong kaso ng coronavirus disease 2019 (Covid-19) sa lungsod.

Sa ipinalabas na video mula sa Lucena City Public Information Office, hinikayat ng alkalde ang kanyang mga kababayan na patuloy na mag-ingat upang maprotektahan ang sarili laban sa nakahahawang sakit.

"Parati po nating sundin ang health at safety protocols, tulad nang palagiang paghuhugas ng kamay, pagsusuot ng face mask at pagpapanatili ng social distancing upang makaiwas tayo sa COVID-19," pahayag ni Mayor Alcala.

Ayon pa sa alkalde, malaki ang maitutulong ng pagtalima sa mga minimum health standards upang mabawasan ang bilang ng mga nahahawaan ng Covid-19.

Samantala, binigyang pagkilala rin ng alkalde ang mga barangay marshalls sa lahat ng barangay sa Lucena na siyang palagiang nag-iikot at nagbibigay paalala sa mga residente nito hinggil sa ipinatutupad na protocols.

Ayon sa punong lungsod, nararapat lamang na igalang at sundin ng mga mamamayan ng lungsod ng Lucena ang mga barangay marshals dahilan sa ang ginagawa nila ay para lamang matiyak ang kaligtasan ng bawat isang Lucenahin.

Ayon sa Lucena City PIO, ang ginawang pagpapaalala ni Mayor Alcala para sa kaniyang mga kababayan ay naglalayong maging ligtas ang mga Lucenahin sa gitna ng tumataas na kaso ng Covid-19 sa lalawigan ng Quezon.

Batay sa tala ng Quezon Integrated Provincial Health Office, ang lungsod ng Lucena ang may pinakamataas na naitalang aktibong kaso ng Covid-19 kumpara sa ibang mga bayan at lungsod ng lalawigan.

Sa opisyal na Covid-19 bulletin na inilabas nitong Linggo, umabot na sa 137 ang kabuuang bilang ng aktibong kaso ng sakit sa Lucena City. May 1,604 pasyente naman ang gumaling at naka-recover na habang 76 naman ang naitalang pumanaw dahil sa sakit. ***(Ruel Orinday-PIA-Quezon/ may ulat mula sa Lucena PIO)***

# DHSUD program pushes for climate-resilient homes

**MANILA** – The Department of Human Settlements and Urban Development (DHSUD) is pushing for a housing microfinance strategy that will grant low-income families access to climate-resilient homes at affordable costs.

Secretary Eduardo del Rosario said DHSUD will hold consultation meetings and workshops with financial institutions, private developers, and other stakeholders to establish the Inclusive Green Housing Microfinance (IGHM) program.

"With the high price of land, especially in urban areas, affordability remains a major stumbling block to homeownership for many Filipinos who fall below the poverty line," del Rosario said in a statement Sunday.

A total of 6 virtual meetings are scheduled between April and May this year. It will involve the formulation of frameworks and the creation of long-term targets for the rollout of IGHM.

"The department is committed to finding alternative means such as housing microfinance to help them afford their dream homes," del Rosario said.

The agenda for the consultation meetings include a discussion of major findings from the assessment of existing housing microfinance programs.

The meetings will assess the operations of existing housing microfinance programs nationwide, identify and address challenges related to housing microfinance, and analysis of green housing features.

"We are reaching out to our stakeholders, especially the microfinance institutions that are already implementing housing microfinance in the communities to gather insight, capture best practices, and ease barriers for an effective nationwide implementation," del Rosario said.

These microfinance institutions include Microfinance Council of the Philippines and Alliance of Philippine Partners in Enterprise Development, ASA Philippines Foundation, Kasagana-Ka Cooperative, and Habitat for Humanity.

DHSUD will also meet with developer groups such as the Organization of Socialized and Economic Housing Developers of the Philippines and Socialized Housing Developers Association, and key shelter agency Social Housing Finance Corporation and Bangko Sentral ng Pilipinas Center for Learning and Inclusion Advocacy.

The IGHM program is aligned with the 2021 agenda of the National Human Settlements Board, a multiagency housing body chaired by the DHSUD that focuses on the pursuit of policy reforms to accelerate housing microfinance as a primary pro-poor housing finance strategy in recognition of the need to provide alternative housing solutions to low-income households. ***(PNA)***

# USAP LANG

## JUNE BILLONES
## 0968-7122927

## Silang mapagmatyag

SINASABING may napapaulat na insidente na nagpopositibo sa COVID-19 pagkatapos maturukan ng unang dose ng bakuna.

Ang mga ganitong klase ng balita ay hindi pinalalagpas ng mga kababayan nating nasa lansangan.

Usap lang sila at bahagi nga ng kanilang paksa ang iba't ibang katanungan.

Bakit nga raw nangyayaring nagiging positibo sa kabila na nabakunahan na?

Kaya ang kanilang tanong ay bakit hindi muna isailalim sa swab test bago isagawa ang pagtuturok?

Wala namang rekomendasyon ang Department of Health hinggil dito.

Maging sa buong mundo ay hindi naman umano inirerekomenda ito.

Ibig sabihin ay walang bansa nagpapatupad na ago ang bakuna ay swab test muna.

Ang paliwanag ng DOH ay sumasailalim muna sa symptom and exposure screening ang sino mang sasalang sa vaccine.

Kung makikitaan ng sintomas ay hindi pahihintulutan ang pagbabakuna.

'Kamot-ulo' ang tropa nating lansangan sa pahayag ng kagawaran na maaaring ang ilan ay walang sintomas o asymptomatic.

Kung ganoon nga naman ay talagang nalilito sila at bakit hindi ubra ang swab test muna bago ang bakuna.

Ang punto lang natin dito ay silang mga taong-lansangan ay sadyang mapanuri at mapagtanong.

Sila na mangmang sa paningin ng ilan o nakararami subalit sa katotohanan ay puno ang kanilang kaalaman.

Kung hindi ba naman mapagmatyag ay sukat na napuna rin nila ang sistema ng mga pamahalaang lokal sa pagsasagawa ng bakuna.

May mga vaccination sites na kumpulan ang mga tao dahil sa kakulangan o kawalan ng maayos na pagpapatupad.

Sabi nga nila, ang hangad ay bakuna para panlaban sa COVID-19 pero sa mga ganitong eksena ay pag-uugatan pa ng pagahahawaan.

Walang pinag-iba sa maling pamamaraan ng pagbibigay ng ayuda sa mga tao.

Ilalagay sa mahigpit na quarantine para sa paglilimita sa paglabas ng mga tao pero sa sistemang pagbibigay ng ayuda ay kumpulan ang resulta.

Nais nilang matuto ang mga tao subalit dapat silang mga nasa puwesto ang unang kailangang marunong.

# EDITORYAL

## Walang ano mang bahid

**NAGSULPUTAN ang community pantry sa iba't ibang bahagi ng bansa.**

**Ang layunin nito ay upang makapagbigay ng tulong sa bawat komunidad.**

**Isa pang misyon nito ay makapanghikayat sa mga may kakayahan na makapag-abot ng tulong sa iba.**

**Sa pangyayari ay asahan ang pagdagsa ng mga tao sa bawat community pantry.**

**Nananatili pa rin sa pandemiya bunsod ng COVID-19 kaya nararapat na mamayani ang mahigpit na health protocol.**

**Dito pumapasok ang kakayahan ng bawat lokal na pamahalaan para sa paggabay sa publiko.**

**Ang community pantry ay sumisimbulo sa ugaling bayanihan ng higit na nakararaming Pinoy kaya hindi ito dapat nahahaluan ng ano mang bahid.**


## ADVERTISING RATES

COMMERCIAL - - - - -P200/col.cm

LEGAL NOTICES - - - P160/col.cm



HANEP Basahin Mo Ito!

**ROMEO S. SANTOS**
*Publisher/editor-in-chief*

Ang **'HANEP Basahin Mo Ito!**' ay inilalathala tuwing lunes sa HANEP Publication na may tanggapan sa B10 L9 The Veraneo Brgy. Sebastian Kawit, Cavite

**Contact#:** 0977-7844136/09687122927
**Email:** roneјed@yahoo.com
hanеppublication@yahoo.com



**PAUNAWA: Sariling pananaw o opinyon ng mga kolumnista ang nilalaman ng kanilang mga artikulo kaya wala pong kinalaman at pananagutan dito ang pamunuan ng publication**

***Member: Publishers Association of the Philippines,Inc.*** papi

# DOH Calabarzon urges seniors, persons with commorbidities to register to get COVID-19 vax

**CALAMBA CITY, Laguna (PIA) – The Department of Health Center for Health Development Calabarzon on Monday called on all senior citizens and persons with comorbidities to register now in order to avail the governement's free Covid-19 vaccine.**

"We urge all senior citizens and persons with comorbidities to participate and register in our government's Covid-19 vaccination program to ensure added protection against the Covid-19 virus. The registration is voluntary and the vaccine is free," Regional Director Eduardo C. Janairo stated.

"Once registered, an individual will undergo careful evaluation of health status and exposure risk. Only after due assessment can a person be vaccinated at their respective LGUs," he emphasized.

According to DOH CHD 4A, the online registration of priority groups A2 (senior citizens) and A3 (persons with comorbidities) is essential to ensure a smooth rollout of COVID-19 vaccines among the target population.

"Considering the limited supply of available vaccines, we also need to provide protection to our elderly due to the rising cases of Covid in the country," Janairo added.

As of April 15, 2021, a total of 106,513 individuals have already received their first dose of Covid-19 vaccine in the region.

A total of 7,313 senior citizens and 8,428 persons with comorbidities already received their first dose of Covid-19 vaccine.

All target groups are advised to register online through the Facebook page or pre-registration websites of their respective LGUs. Those who do not have access to the internet may coordinate with their barangay health workers for the vaccination registration.

After completing the registration, wait for text message or call from health workers for the next instruction. For other priority groups, wait for the announcement of the date of registration and vaccination. For further details on the government's vaccination program, visit the https://doh.gov.ph/vaccines. ***(DOH CHD 4A/PIA4A-SMT)***

# Truck driver 'naperder'

**NASAWI** ang driver ng delivery truck ng buhangin nang sumabog ang hydraulic cylinder nito at bumulusok sa ilog sa Tanza, Cavite Lunes ng umaga.

Isinugod pa sa General Trias Maternity Hospital ang biktimang si Ruel Ruma, ng Brgy San Miguel, Bulacan subalit idineklarang dead on arrival habang masuwerteng nakaligtas ang helper nito na si Jerome Manalastas, 18, matapos itong nakatalon.

Sa ulat ng Tanza Police Station, dakong alas-8:20 ng umaga naganap ang insidente kung saan nagdidiskarga sila ng buhagin malapit sa ilog sa Brgy Poblacion, Tanza, nang bigla umanong sumabog ang hydraulic cylinder dahilan ng pagdausdos ng truck at bumulusok sa ilog.

Hindi na nagawa pang nakalabas sa truck ang biktima at kasamang sumubsob sa ilog.

Agad namang nagsagawa ng Search and Rescue Team ang Tanza Rescue Team at Philippine Coast Guard (CG) Cavite Response Team kung saan iniahon ang biktima at isinugod sa ospital subalit hindi na ito umabot ng buhay. ***GENE ADSUARA***

# OFW pinalawig ng 1-taon ang pananatili sa Korea

**LUNGSOD NG QUEZON** -- Pinalawig ng isang taon ang pananatili at pagtatrabaho ng mga overseas Filipino worker (OFW) sa Korea na nasa ilalim ng Employment Permit System (EPS) na ang kontrata ay mawawalan ng bisa sa panahon ng 13 Abril 2021 hanggang 31 Disyembre 2021 at ito ay epektibo ng 13 Abril 2021.

Sa ulat kay Labor Secretary Silvestre Bello III, sinabi ni Labor Attaché Maya Valderrama ng Philippine Overseas Labor Office sa Korea na sa pinakahuling issuance mula sa Ministry of Employment and Labor (MOEL) at ng Ministry of Justice (MOJ) ng Korea ukol sa inamyendahang Act on Employment of Foreign Workers, pinalalawig sa pananatili ang mga banyagang manggagawa dahil sa kasalukuyang kondisyon dulot ng pandemya.

Nakasaad sa issuance na palalawigin pa ng isang (1) taon ang panahon ng pananatili at pagtatrabaho ng banyagang manggagawa (E-9 and H-2) sa ilalim ng EPS at iyong kontrata ng pagtatrabaho (3 taon o 4 na taon at 10 buwan) na magkakawalang-bisa mula 13 Abril 2021 hanggang 31 Disyembre 2021.

Ayon kay Valderrama, inaasahan ng MOEL na sa ganitong paraan maresolbahan ang problema ng manggagawa sa pagpasok at paglabas ng bansa sa panahon ng pandemya at ang kakulangan ng manggagawa sa small at medium-sized company.

Pinasalamatan ni Bello ang pamahalaan ng Seoul ang pagbabagong ito para sa kapakinabangan ng banyagang manggagawa sa Korea.

"Ipinagpapasalamat namin ang bagong patakaran sa empleo na ipinagkaloob ng Republic of Korea (ROK) sa ating manggagawa na nasa ilalim ng EPS lalo na ngayong panahon ng pandemya. Ang pangangalaga sa trabaho ng ating OFW sa buong mundo ay pangunahin nating layunin, at ipinapakita nito ang kahalagahan ng 15 taong tuloy-tuloy na bilateral cooperation kasama ang ROK," wika ni Bello.

Nakasaad din sa patakaran na sakop ang mga manggagawa na nasa ilalim ng EPS na nabigyan ng 50-araw visa extension ng awtoridad ng Korea, kung ito ay nasa loob ng 13 Abril 2021 hanggang 31 Disyembre 2021. Ang pagpapalawig sa pananatili at pagtatrabaho ng karapat-dapat na banyagang manggagawa ay agad ipatutupad ng ROK at magkakabisa ng 13 Abril 2021 sa pamamagitan ng apilikasyong isinumite ng kanilang employer.

Ang EPS ay isang government-to-government hiring system na nagpapahintulot sa Korean employer na legal na mag-employ ng banyagang manggagawa sa pagkakataon na walang makuhang manggagawang lokal. Ito ay nasa pangangasiwa ng Philippine Overseas Employment Administration bilang sending agency katuwang ang Human Resource Development Service ng Korea.

Ang Pilipinas ang unang bansa na lumagda ng Memorandum of Understanding sa EPS sa ROK noong 2004. ***(DOLE)***

# 50 pamilya, nawalan ng tirahan

**TINATAYANG** 50 pamilya ang nawalan ng mauuwiang bahay matapos lamunin ng apoy ang kanilang tinitirhan sa Bacoor City, Cavite, Martes ng madaling araw.

Sa ulat ni PSSgt Marvin Rae Calaor, ng Bacoor City Police Station, dakong ala-1:30 ng madaling araw nagsimula ang sunog sa isang bahay na gawa sa light materials hanggang sa madamay ang iba pang bahay.

Mabilis namang nagresponde ang iba pang pamatay sunog sa karating lungsod at bayan kaya naagapan ang apoy gayunman umabot pa rin sa dalawampu't apat na bahay ang natupok.

Umabot sa ikalawang alarma ang sunog at idineklarang fire under control dakong alas-2:34 ng madaling araw at fire under control dakong alas-3:02 Martes ng madaling araw.

Ang mga naapektuhan sa sunog ay inilikas sa Talaba Elementary School. ***GENE ADSUARA***

# Hontiveros urges DSWD, DILG: Fix problems affecting safe, speedy release of 'ayuda'

**SENATOR** Risa Hontiveros urged the Department of Social Welfare and Development (DSWD) and the Department of Interior and Local Government (DILG) to address reported problems surrounding the latest release of cash aid to struggling Filipinos, such as erroneous lists and crowded distribution venues.

"Maliit na nga ang ayuda na ibinibigay sa ating mga kababayan, sana naman ay huwag na yan patagalin pa o ibulsa. The DSWD and DILG should look closely into all reports of problems involving the distribution of financial assistance, which is a matter of life and death for many Filipinos during this crisis," Hontiveros said.

The DILG recently revealed that only around P4.47 billion or 40 percent of allocated funds for cash aid or ayuda has been so far distributed in the National Capital Region (NCR) by local government units. On top of this, Hontiveros noted the growing number of incidents - both reported in news and social media - stemming mainly from errors in government's list of beneficiaries for the cash distribution program.

"Mayroong mga reports na may listahan ng beneficiaries na may pangalan ng patay na tao o menor de edad, na di dapat qualified sa ayuda. Mayroong mga beneficiaries ng kasalukuyang Pantawid Program (4Ps) na nawala ang pangalan sa listahan para sa ayuda. Mayroon ding mga report ng mga beneficiary na hindi sinama sa listahan dahil hindi sila botante sa lugar. These stories are way too many to be mere fabrications and should be fully investigated," Hontiveros said.

Hontiveros added that due to erroneous list of beneficiaries and other issues, aid distribution venues in several areas have become regularly crowded with applicants, thus creating potential "super-spreaders" for COVID-19:

"Nakakabahala iyan, dahil kasama sa mga pumipila at nakikipagsiksikan para sa ayuda ay maraming senior citizen na mas vulnerable sa COVID-19 at iba pang sakit."

"Nakakalungkot na 2021 na pero hindi pa rin maayos ang proseso ng pagbibigay ng ayuda. Ang haba-haba ng pinipila ng mga kababayan natin para lang kumuha ng ayuda, pero pagdating nila sa distribution venue, madami ang wala sa listahan at walang mauuwi sa kanilang pamilya. There has been an entire year to fix the database of cash aid recipients and devise a better aid distribution, but it seems not much progress has been made," Hontiveros said.

The senator then urged the DSWD and DILG to create a unified and comprehensive database of cash aid recipients from the various existing lists of aid beneficiaries held by the DSWD and local government units. To do this, Hontiveros said the DSWD must complete its 'poverty survey' to determine the true number and identities of poor Filipinos who need financial assistance during the pandemic.

In the meantime, the DSWD and DILG should remove errors in government's list of aid beneficiaries, including removing dead, fictitious or unqualified persons, Hontiveros said. She also said that government officials or employees involved in acts of corruption or fraud using these assistance funds should be immediately investigated and prosecuted.

To avoid the spread of COVID-19 in aid distribution venues, Hontiveros then reminded local officials to see to it that health protocols, such as physical distancing and wearing of masks, are followed by everyone. She also recommended using large facilities with open ventilation such as public gyms for such large activities.

"The government should act with a sense of urgency and due diligence. Buhay ng Pilipino ang nakataya dito. Kung makupad ang pamahalaan sa pagbigay ng ayuda, baka hindi sa virus mamatay na ang mga kababayan kundi sa gutom," Hontiveros concluded. ***PR***

# PRRD allows grant of 'one-time' P20-K aid to EC pensioners

**MANILA – President Rodrigo Duterte has authorized the grant of one-time financial assistance of PHP20,000 to qualified pensioners under the employees' compensation (EC).**

Administrative Order (AO) No. 39, signed by Duterte on Monday, empowers the Employees' Compensation Commission (ECC) to grant a one-time cash aid to around 31,000 pensioners of the Social Security System (SSS) and Government Service Insurance System (GSIS).

In signing the AO, Duterte recognized that "the adverse effects of the pandemic on the economy, supplementary health necessities for the battle against the virus, and restrictions imposed on our mobility and social interaction, have increased the financial and health burdens experienced by the EC pensioners."

"The ECC is hereby authorized to grant a one-time financial assistance of PHP20,000 to EC pensioners for permanent partial disability, permanent total disability and survivorship, in the private and public sectors, subject to the availability of funds and pertinent laws, rules, and regulations," the AO read.

The ECC, SSS, and GSIS are directed to appropriate and release the amounts necessary to cover the one-time financial assistance from the reserves of the relevant Social Insurance Fund (SIF) that the SSS and GSIS administer under the EC program.

The ECC, in coordination with the SSS and GSIS, shall issue the implementing rules and regulations (IRR) necessary for the effective implementation of the order.

AO 39 takes effect immediately following its publication in the Official Gazette or a newspaper of general circulation.

Earlier, the Inter-Agency Task Force for the Management of Emerging Infectious Diseases (IATF-EID) approved a resolution mandating pension-issuing agencies and their servicing banks and other financial institutions to adopt alternative modes of validation for senior citizen pensioners. Currently, senior citizens no longer need to make a physical appearance to claim their pension.

"The IATF considered the health and safety of senior citizen pensioners in approving this resolution and directed relevant government agencies to issue the corresponding memorandum circulars for its implementation by March 1, 2021," Presidential Spokesperson Harry Roque, also acting as IATF-EID spokesperson, said in a statement.

Roque said the IATF-EID's latest directive was meant to protect senior citizens who are considered vulnerable to Covid-19.

"Alam naman natin na tayo ngayon ay nasa gitna ng pandemiya at ang mga seniors ay isa sa high-risk at vulnerable sa Covid-19. Para matiyak ang kanilang kalusugan at kaligtasan, inaprubahan ng resolusyon na ito na hindi na sila kinakailangan na magkaroon ng personal appearance sa mga bangko at iba pang institusyon para makuha lamang ang kanilang mga pensyon (Amid the pandemic, seniors belong to high-risk groups and are vulnerable to Covid-19. To ensure their safety, the resolution was approved so they would no longer be required to make a personal appearance in banks and financial institutions just to claim their pension)," he added. ***(PNA)***

# Free data access to TESDA website extended until 2022

**MANILA** – Globe Telecom announced on Monday it will extend providing its subscribers free data access to get resource materials from websites of the Technical Education and Skills Development Authority (TESDA) and other educational platforms until 2022.

These platforms include websites of the Department of Education (DepEd) Commons and the Commission on Higher Education (CHED), as well as the Globe eLibrary (https://globeelibrary.ph/), an online platform which features eLearning videos and age-appropriate and engaging e-books.

This means that for the school year 2021-2022, Globe and TM subscribers will not incur data charges when accessing those websites. It does not include free access to pages that users may need to open outside of TESDA, DepEd Commons, and CHED's domain.

"We endeavor to help enhance opportunities for self-learning by making quality content available to teachers and students. We hope our customers will take advantage of this free service to DepEd, CHED, and TESDA for their online learning requirements," Yoly Crisanto, Globe's chief sustainability officer, said in a statement.

TESDA Secretary Isidro Lapeña earlier told the Philippine News Agency (PNA) that Globe started providing free access to TESDA's online courses in August last year. This enabled individuals to learn various skills from the TESDA Online Program (TOP).

"Through Globe's support, our online courses are made more accessible," he said.

Most of the TOP courses are only short courses that learners could complete, compared to full qualifications. ***(PNA)***

# 'Generosity virus' infects Filipinos nationwide

**MANILA** – If the coronavirus can be killed with kindness, Filipinos could have easily prevailed against the pandemic.

Lately, community pantries have been sprouting everywhere, inspired by initiatives along Quezon City roads, where donations have been pouring in.

"The virus of generosity named Community Pantry is gaining momentum all over the country. The Filipino spirit of 'bayanihan' is ever alive. That compassion and generosity is a universal language that everyone understands," Fr. Edgardo Vizcarra of the Comboni Missionaries wrote on Facebook.

He praised the pioneer of such initiative and who showed "that nobody is so poor or rich who cannot reach out and give to those who are in need of basic daily commodities such as food".

Netizens have reported similar pantries all over the country.

Most believe that community pantries exist simply because there are good-hearted individuals who wanted to help and not because the government is not doing anything.

"Madami pa din matulungin at may malasakit lalo sa parte ng mga taong mismong apektado. Hindi naman kasi talaga kakayanin ng gobyerno lahat sa sobrang dami ng apektado ng pandemya (Many really wants to help, especially those who got affected. The government cannot do everything especially with so many people affected by this pandemic)," Chai Chai, who works in Rome, Italy, said.

"Gusto lang nila talagang tumulong. 'Di naman nagkukulang ang government. Lahat na ibinigay sa tao, eh (They only want to help. The government has already given everything to the people)," netizen Misette Regisaurelio said, adding that financial aid from the national government and food packs from the local government units have been distributed several times.

Sisters Lucia and Luzianie Silva of Iligan City also started their pantry on Sunday, with the items donated by relatives and friends gone in an hour.

Another netizen, Malia Olvido Bautista, thinks the government did not fail in helping the people and critics must stop putting political colors to the initiatives.

"Ito ang magandang attitude ng Pinoy, Matulungin sa kapwa. Walang mayaman sa ginagawa nila, 'Ika nga, helping hand ang meron. Sana lang wag bigyan kulay. Let's help. Proud Pilipino ako (This is one of the good attitudes of Filipinos. You do not have to be rich to lend a helping hand. Let us not taint it. Let us help instead. I am a proud Filipino)," she said.

Senator Win Gatchalian, meanwhile, said community pantries are signs that "ordinary Filipinos are ready and willing to help" the needy.

"Ito ay ang pinakamagandang simbolo ng modern-day bayanihan na lahat tayo ay may kakayahang tumulong (This is modern-day unity that shows everyone is capable of helping)," he said in a statement on Monday.

Former representative and current Technical Education and Skills Development Authority Deputy Director John Bertiz said community pantries remind him of a famous quotation by former US President John F. Kennedy.

"Ask not what your country can do for you, ask what you can do for your country or at least communities or fellow Filipinos. Sa panahon ngayon dapat talaga magtulungan ang bawat isa, kasi laban po natin lahat ito (In times like this, we should all help one another because this is everyone's fight)," Bertiz said. ***(PNA)***

